

1. Pagbubukas ng Ilan na Tanggapan ng Pamahalaang Lungsod sa mga Araw ng Linggo.

Sa panahon na inaasahan na maraming mga bagong residente at mag-aaral ang maglilipatan ng tirahan sa lungsod ay magbubukas ang ilang counters sa main building ng Tochigi city hall. Ang mga petsa na magbubukas sa araw ng linggo ay ang ika-19 at 26 ng Marso at ang ika-2 araw ng Abril. Ang oras ay mula alas 8:30 ng umaga hanggang alas 5:15 ng hapon.

Ang mga counters na bukas sa mga nasabing Linggo ay ang “Shimin Seikatsu-Ka o ang Civic Life Section at ang “Hoken Nenkin-Ka” o ang Health Insurance at Pension Section. Sa Shimin Seikatsu-Ka iniisyu ang mga Residence Certificates, Family Registry at ang paghahain ng notipikasyon sa pagpapalit ng tirahan. Ang pag-uulat naman sa kapanganakan, kasal at death ay gagawin ang rehistro nito sa security office ng southwest corner ng unang palapag ng parehong main building ng city hall.

Sa Health Insurance at Pension Section a pinoproseso ang pagsali sa National Health Insurance ganundin ang forfeiture sa pagiging miyembro rito.

Sa mga walang oras sa ordinaryong araw ay dapat samantalahin ang pagkakataong ito.

2. Mga Mahalagang Malaman ng mga Uuwi sa Kanilang Bansa na Residenteng Dayuhan.

Kung ikaw ay dayuhan na residente at aalis na sa Japan na wala ng planong bumalik ay mahalagang ipagbigay alam ito sa munisipiyo at gawin ang “Tenshutsu Todoke” o Moving-Out Notification. Kung hindi ipinagbigay alam ang pag-uwi o hindi naiproseso ang Tenshutsu Todoke ay maaari pa ring ituring na nakatira sa Japan kahit nakauwi na.

Isa sa kailangan sa pagtatanggap ng Lump-Sum Withdrawal Payment sa naibayad na National Pension dito sa Japan ay dapat hindi na naninirahan sa bansang ito. Kung hindi naihain sa munisipiyo ang Tenshutsu Todoke ay maaring ituring na residente pa ng Japan at ang kabayaran sa Lump-Sum ay hindi maibigay sa aplikante.

Gayundin, huwag kalimutan na iulat ang pirmihang pag-uwi dahil maaari pa ring makatanggap ng bayarin sa National Health Insurance.

Kung aalis na ng Japan na walang re-entry permit ay dapat isauli ang My Numbers Card sa city hall. Ang Residence Card ay kukunin o bubutasan ng immigration officer sa airport paglabas sa Japan.

Mangyaring tiyakin na nakumpleto ang mga iba pang kaugnay na proseso bago umuwi.

3. Ang Pagtatapos sa Pansamantalang Paggamit ng Plastic Bag ng Basura.

Noong nakaraang taon, ang mga pamilihan sa lungsod ay nagkulang ng suplay sa itinalagang plastic bags para sa burnable garbage at inutos ang pangsamantalang paggamit ng transparent na plastic bags hanggang malutas ang kakulangan ng suplay sa itinalagang plastic bags.

Gayunpaman, ngayong naging tiwasay na ang suplay ng nasabing garbage bag ay inuutos ang pagtigil sa paggamit ng transparent plastic bags hanggang ika-30 ng Abril ngayong taon.

Mula sa unang araw ng Mayo, isa ng paglabag sa alintuntunin sa pagtatapon ng basura ang pag-gamit sa garbage bag maliban sa itinalaga para rito. Hindi na kokolektahin ang basura na hindi inilagay sa tamang lagayan nito.

Kaya dapat gumamit ng garbage bag na itinalaga sa bawa't uri ng basura.